

# Pamamahala sa iyong bank account nang matalino

Gabay para sa mga negosyante  
sa Hong Kong



Together we thrive

# Panimula

## Mapoprotektahan ng tamang pamamahala ng iyong account ang salapi mo at ng buong komunidad

- ♦ Karaniwang mayroong ding personal na account sa amin ang aming mga customer ng negosyo. Ang pinakamaganda naming maipapayo ay tiyaking para lang sa negosyo ang iyong mga pangnegosyong account, at hindi para sa personal na paggamit
- ♦ Bilang mga may-ari ng negosyo, abala ka sa pang-araw-araw na pagpapatakbo at laging kulang sa oras, kaya makakatulong sa iyo ang gabay sa kung paano matalinong mapapamahalaan ang bank account mo. Nagbibigay ang gabay na ito ng mga tip para mapanatiling ligtas ang iyong negosyo mula sa panloloko at krimeng pampinansyal – mga kasanayang maaari ding ilapat sa mga personal na account



1



Paano pinakamahasay  
na mapamahalaan ang  
iyong account araw-  
araw

2



Pagpapanatili sa aming  
nakakaalam tungkol  
sa mga pagbabago sa  
organisasyon

6



Paano makipag-  
ugnayan sa amin

**Sa gabay na ito,  
magbibigay kami ng mga tip sa:**

3



Mga dapat tandaan  
kapag nagpapatupad  
ng mga pagbabago  
sa iyong cycle ng  
negosyo

4



Ano ang maaaring mangyari  
kung hindi mapanatiling  
napapanahon ang record ng  
customer

5



Paano tayo  
makakapagtulungan  
para malabanan  
ang krimeng  
pampinansyal

# Paano pinakamahusay na mapamahalaan ang iyong account araw-araw



## Layunin at paggamit ng mga account

Gamitin ang iyong account para sa mga lehitimong layunin, batay sa uri ng account

Ang isang personal na account ay para lang sa iyong pampersonal na transaksyon at hindi para sa negosyo, gayundin, ang isang pangnegosyong account ay para lang sa negosyo at hindi para sa mga pampersonal na transaksyon



## Mga statement, dokumento, at record

Regular na tingnan ang iyong mga bank account at pagtugmain ang lahat ng aktibidad sa iyong mga bank statement


Tiyaking nagpapanatili ka ng mga record ng kita, paglilipat, at paggastos, pati na rin ng mga resibo, invoice, at sumusuportang dokumento

Tiyaking kasama sa mga record ng mga pagbabayad sa loob at labas ng bansa ang sapat na detalye para ipakita na nailipat, natanggap, at nagastos nang tama ang mga pondo

Gamitin ang mga channel sa electronic na pagbabayad para sa mga transaksyon gaya ng mga telegraphic transfer at electronic bank transfer, para sa mas madaling pagsubaybay ng mga pagbabayad at pagkakakilanlan ng pinagmulan at destinasyon ng mga pondo

Unawain ang at tumugon sa mga kailangan mong bayarang buwis. Ibigay sa amin ang iyong impormasyon tungkol sa tax residency at magpanatili ng malinis na record ng dokumentasyon ng buwis

Walang 'perperktong' pamamaraan, pero makakatulong ang ilang gawi at kasanayan para epektibong mapamahalaan ang iyong account at maprotektahan ang sarili laban sa panloloko.



## Seguridad at pagtuturo sa staff

Gumamit ng may tier na awtoridad at mga antas ng pirma para sa mga pagbabayad – halimbawa, mag-set up ng matrix ng pagpapahintulot sa iyong Internet Banking ng Negosyo at mag-set up ng mga tagubilin sa pagpirma na may mga nakatakdang limitasyon sa transaksyon para sa iba't ibang grupo para sa pagpirma

Huwag tulungan ang iba na magbayad o mangasiwa ng mga asset na hindi mula sa iyong negosyo

Kilalanin kung sino ang binebentahan o binibilhan mo – halimbawa, ang impormasyon ng babayaran at nagbabayad

Huwag payagan ang iba na patakbuhan ang iyong account kung hindi sila awtorisadong gawin ito

Huwag ibahagi sa iba ang iyong mga personal na detalye, impormasyon ng account, panseguridad na device, ID at password sa internet banking, ATM card/credit card, Card Verification Value o cheque book

Mag-ingat laban sa mga scam sa telepono/phishing na email na nagsasabing mula ito sa mga bangko

Tiyaking napapanahon ang seguridad ng iyong computer sa pamamagitan ng paggamit ng anti-virus na software, isang secure na koneksyon sa network at proteksyon ng firewall






Turuan ang iyong staff tungkol sa panganib ng panloloko at krimeng pampinansyal. Halimbawa, bigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapatunay sa email ng katransaksyon at pagpapatunay sa pamamagitan ng pagtawag bago magbayad

# Pagpapanatili sa aming nakakaalam tungkol sa mga pagbabago sa organisasyon




Bilang bahagi ng aming pagtuon sa paglaban sa panloloko at krimeng pampinansyal, kailangan naming tiyaking hawak namin ang tamang data tungkol sa iyo at sa negosyo mo. Bukod sa pagbibigay-alam sa amin tungkol sa anumang pagbabago sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong kumpanya (halimbawa, pagbabago sa address, numero ng telepono at email address), mahalagang regular mong ipinapaalam sa amin ang tungkol sa mga pagbabago sa iyong cycle ng negosyo.

Pakitingnan ang seksyong 'Paano makipag-ugnayan sa amin' para sa mga tagubilin sa kung paano i-update ang iyong impormasyon ng account.

Mga pagbabago sa iyong cycle ng negosyo			Mga pagbabago sa istruktura ng iyong kumpanya	
 <p>Organic na pagtaas sa turnover ng benta</p>	 <p>Pag-expand sa mga bagong merkado at uri ng customer</p>	 <p>Mga pagbabago sa uri ng negosyo</p>	 <p>Mga tao – mga director, awtorisadong lumagda, shareholder at ultimate beneficiary owner</p>	 <p>Legal na entity – halimbawa, mula sa nag-iisang may-ari hanggang sa isang limitadong kumpanya</p>

Mga dapat tandaan kapag nagpapatupad ng mga pagbabago sa iyong cycle ng negosyo



Habang nagbabago ang iyong cycle ng negosyo, pakitandaan ang mga sumusunod para hindi maloko o masangkot sa iba pang krimeng pampinansyal.



Magsagawa ng pananaliksik sa merkado sa mga target na merkado at suporta sa lokal na pagbabangko para matukoy ang mga nauugnay na parusa



Alamin kung sino ang kinakaharap mo sa negosyo – gaya ng mga mamimili, supplier, kliyente at provider ng serbisyo – at ang bansa kung saan sila nagnenegosyo at saklaw na teritoryo



Alamin kung saan nagmumula ang pondo – halimbawa, tiyaking lehitimo ang pondo mula sa mga bagong investor o pakikipagsosyo



Subaybayan ang mga paraan ng pagbabayad mo, kabilang ang paggamit ng mga ahente at platform sa pagbabayad. Huwag makipagtransaksyon sa pamamagitan ng mga hindi lisensyadong ahente para sa pagpapadala

Ano ang maaaring mangyari kung hindi mapanatiling napapanahon ang record ng customer





Sa mundo ngayong patuloy na mas nagiging konektado, patuloy ding lumalaking isyu sa buong mundo ang krimeng pampinansyal. Mahalaga ang pagkakaroon ng tumpak na impormasyon tungkol sa lahat ng ating customer para matukoy at mapigilan ang mga mapanlokong transaksyon, money laundering at hindi pagbabayad ng tamang buwis. Kung walang napapanahong impormasyon tungkol sa iyong negosyo, maaari naming isagawa ang sumusunod na pagkilos:

## Account ng negosyo



Hilingin sa iyong ipaliwanag ang tungkol sa mga transaksyon ng account na mukhang hindi tumutugma sa kasalukuyan mong profile ng negosyo. Halimbawa nito ang mga malaking wire transfer o pag-deposit ng cash na hindi maipaliwanag ng sumusuportang dokumentasyon gaya ng mga invoice at kasunduan. Madalas na nagdudulot ng panganib ang mga naturang transaksyon, dahil mukha itong hindi magandang aktibidad kabilang ang money laundering.

Kung mayroon kaming napapanahong impormasyon tungkol sa iyong negosyo – halimbawa, ang pag-expand ng negosyo mula sa loob ng bansa patungo sa labas, maipapaliwanag ang mga transaksyong ito at maiiwasan ang mga panganib



Kung hindi maipaliwanag ang hindi karaniwang aktibidad sa iyong account, maaari naming iantala o paghigpitan ang ilang partikular na serbisyo ng pagbabangko gaya ng pagpapadala sa labas, o tapusin ang aming pakikipag-ugnayan sa pagbabangko sa iyo

## Personal na account



Walang problema sa isang indibidwal na tumatanggap ng mga lehitimong pagbabayad sa kanyang personal na account mula sa kanyang mga kasosyo sa negosyo kung naidokumento nang maayos ang mga ito. Halimbawa, ang mga pagbabayad mula sa sweldo ng mga director, muling pagbabayad ng mga naitalang loan ng mga director, mga dibidendo o pagbebenta o pagbili ng mga equity stake ay maaaring patunayan sa pamamagitan ng taunang mga account at/o resibo ng iyong kumpanya

# Paano tayo makakapagtulungan para malabanan ang krimeng pampinansyal



Ang mga negosyanteng tulad mo ang haligi ng ekonomiya ng Hong Kong. Nakatuon kami sa pagprotekta sa iyong account laban sa panloloko at krimeng pampinansyal para magtagumpay ang iyong negosyo, at makakatulong sa amin ang impormasyong hinihiling namin sa iyo para makamit ito.



Kung magpapanatili ng parehong account ng negosyo at personal na account sa amin, makakatulong sa amin ang patuloy na pagbibigay-alam at pag-update sa amin para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa bangko at maprotektahan ang aming mga customer at ang buong komunidad laban sa krimeng pampinansyal.



## Ano ang dapat mong gawin kung makatanggap ka ng kahilingan mula sa amin?



Maging alerto sa mga sulat, email, at tawag mula sa amin



Tumugon kaagad sa aming mga kahilingan para sa impormasyon



Tiyaking kumpleto, tumpak, at napapanahon ang impormasyong ibinibigay mo sa amin



Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga update sa negosyo o personal na update



Determinado kaming makapagbigay sa iyo ng ligtas na lugar ng pagbabangko. Mahalagang mapanatiling napapanahon ang impormasyon ng aming customer para makatulong ang mga bangko, indibidwal at negosyo na maprotektahan ang integridad ng sistemang pampinansyal ng Hong Kong.

# Paano makipag-ugnayan sa amin



- ◆ Para i-update ang impormasyon ng iyong kumpanya, bisitahin ang anumang HSBC Business Centre o tawagan ang aming Hotline ng Serbisyo ng Komersyal na Pagbabangko sa (852) 2748 8288 (pindutin ang #-0 pagkatapos ng pagpili ng wika)
- ◆ Para sa personal na pagbabangko, bisitahin ang anumang branch ng HSBC sa Hong Kong o tumawag sa (852) 2233 3322 (mga customer ng HSBC Premier), (852) 2748 8333 (mga customer ng HSBC Advance) o (852) 2233 3000 (iba pang customer)

## Walang tigil na proteksyon

Ang HSBC Safeguard ay ang iba't iba naming hakbang na idinisenyo para makatulong na mapanatiling napapanahon ang impormasyon sa aming pangkalahatang system para mas maprotektahan ang aming mga customer mula sa panloloko at krimeng pampinansyal. Dati na itong programa at bahagi ng proseso ang mga regular na pagsusuri kung saan hihilingin namin sa iyong kumpirmahin o i-update ang mga detalye mo o magbigay ng bagong impormasyon. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa amin para i-update ang mga detalye ng iyong account kung mayroong magbagong anumang impormasyon tungkol sa iyo o sa organisasyon mo. Makakatulong ito sa aming maprotektahan ka at ang iyong negosyo sa pamamagitan ng pagtiyak na batay lang sa mga tunay na kahilingan ang mga transaksyong isinasagawa namin sa ngalan mo.

Maaari ka ring makakita nang higit pang impormasyon sa website ng HSBC Safeguard sa [www.hsbc.com.hk/hsbcsafeguard](http://www.hsbc.com.hk/hsbcsafeguard)

Ang dokumentong ito ay mula sa The Hongkong and Shanghai Banking Corporation Limited (HSBC). Hindi ito isang alok o solicitation ng negosyo sa sinuman sa anumang hurisdiksiyon. Hindi ito dapat ipamahagi sa sinumang nasa loob ng o residente ng mga hurisdiksiyon na naghihigpit sa pamamahagi ng dokumentong ito. Pangkalahatan lang ang impormasyong nasa dokumentong ito. Hindi ito komprehensibo at hindi naglalaman ng payong pampinansyal, legal na payo, payo tungkol sa buwis, o iba pang pampropesyunal na payo. May partikular na impormasyon ang mga halimbawang ibinigay at ang anumang pagkilos na isasagawa ng isang indibidwal ay nakadepende sa sitwasyon. Walang anumang pananagutan ang HSBC sa anumang pagkawalang dulot ng paniniwala sa anumang opinyon o pahayag na ginawa sa dokumentong ito. Walang bahagi ng lathalaing ito ang maaring i-reproduce, iimbak sa isang retrieval system, o ipadala, sa anumang uri o paraan, electronic, mekanikal, pag-photocopy, pag-record, o iba pa, nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng The Hongkong and Shanghai Banking Corporation Limited.